

Presidential Communications Operations Office

Presidential News Desk

**TALK TO THE PEOPLE OF
PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE
ON CORONAVIRUS DISEASE 2019 (COVID-19)**

[28 June 2021]

PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE: Mga kababayan ko, nandito na naman ako to report on the true situation of the Philippines in all aspects, be it economy, health, public order, public safety.

Remember that kayo ang nagbabayad sa aming suweldo. Ang bayaran ninyo ganito, bayad kayo then we promised to work for you, at wala sa aming trabaho na magsinungaling. What you hear from the mouths of the speakers are really the truth of what's the state of the Philippines today.

Kaya sabi ko kung gusto ninyo ang totoo, makinig lang kayo dito sa amin. Ngayon, kung gusto ninyo na makinig ng mga bola at, you know, self-aggrandizement, advertisement of their talent and all, you listen to the opposition. Maaaliw kayo sigurado ako. Pero dito ang usapan natin ang totoo lang at bayad kami para magsabi ng totoo. Iyon ang trabaho namin.

Now, let us begin with --- babasahin ko na lang mamaya `yong --- we are given only one hour. I'd like to call on Secretary Delfin Lorenzana for the status and disposition of the foreign OFW from foreign lands and coming back to the Philippines.

DND SECRETARY DELFIN LORENZANA: Good evening, Mr. President; good evening, colleagues.

Yes, Mr. President, I have a presentation here, status of returning overseas Filipinos, including OFWs. *[Next slide, please. Next slide.]*

Mr. President, since the start of the pandemic mayroon nang nakauwi na 1 million --- 1.2 million, the overseas Filipinos. Hindi po ito OFW, ito lang po `yong OFWs itong land-based, it's already 1 million, 1 million na po ang nakauwi so far. And the land-based, ibig sabihin nito `yong mga

nagtatrabaho doon sa Middle East; ito namang sea-based ito 'yong mga nagtatrabaho sa mga barko.

Ito naman po sa may transferred Filipinos returning from Sabah ay mayroon na tayong 3,168 at mayroon pa tayong 4,683 na naghihintay na bumalik, Mr. President, kaya lang hindi pa makabalik ngayon dahil ayaw muna nung mga tumatanggap like Zamboanga City, sa Jolo at saka Tawi-Tawi dahil medyo tumataas 'yong mga kaso nila doon. Iyan po ang report ng returning overseas Filipinos, Mr. President.

[Next slide.]

Mr. President, in anticipation to the arrival of huge volume of vaccines, I have alerted the military hospitals all over the country, ito po 'yong mga ospital ng mga Philippine Army all over the country, to assist the LGUs in the vaccination program.

[Next slide.]

Ito po 'yong Philippine Air Force, pero marami din silang ospital sa buong bansa; *[Next slide.]* Philippine Navy; *[Next slide.]* Unified Commands, ito po. *[Next slide.]* Wala na.

Iyon lang po ang report ko, Mr. President. In addition po, mayroon din tayong mga 11 barko na puwedeng maghakot ng mga vaccine kasi mayroon po silang refrigeration capacity na malaki. Kung dadalhan po natin 'yong mga isla ay puwede nating gamitin 'yong barko. At isa pa po, 'yong ating mga eroplano din ay handa ring mag-transport ng mga vaccines mula Manila papuntang probinsiya. Iyon lang po, Mr. President. Salamat po.

PRESIDENT DUTERTE: Yes, may I repeat what Secretary Lorenzana has said that we are using all assets of government, be it the plane, boat, o anong klaseng barko para maihatid lang sa --- in far-flung places 'yong bakuna.

Ang problema kasi ganito, you must have the refrigeration. Or if you do not have one, tell us in advance so that hindi kami magkamali magpadala tapos you do not have the equipment to keep the temperature desired for vaccines. Masasayang lang and it will go to waste 'pag magpadala kami doon wala kayong refrigeration o something akin to it that would ensure the integrity of the vaccine.

Iyan po ang hinihingi namin. The military establishment is ready for anything kung anong dapat gawin at hindi dapat pag-agawan ng ibang

grupo. The military assures us that they will take care of the delivery for as long as you have the refrigeration or 'yong equipment necessary to preserve the efficacy of the medicines.

Now, we would like to call next, Secretary Duque, sa kanyang report about the vaccine at ano na ang nangyayari sa mga pasyente sa buong Pilipinas.

DOH SECRETARY FRANCISCO DUQUE III: Magandang gabi po, Mr. President; Senator Bong Go, chair of the Senate Committee on Health and Demography; mga kasama ko po sa Gabinete; at higit sa lahat po sa lahat po ng ating mga kababayan.

Sa ngalan po ng Department of Health, ako po ay mag-uulat muli ng atin pong mga COVID-19 updates at mga iba pa pong kaakibat na mga impormasyon patungkol po sa COVID situationer ng Pilipinas.

[Next slide.]

Ito naman pong sunod na slide nagpapakita ng atin pong pinakahuling talaan ng COVID cases nasa 1.4 million --- a little over 1.4 million cases po tayo thereabouts. May naidagdag po tayong 5,604 na bagong kaso ngayon pong Hunyo 28 ngayong 2021. At ang breakdown po nito: ang active cases po natin ay umabot na sa 52,029, ang katumbas po nito ay 3.71 percent active cases, ito po 'yong mga currently admitted or isolated; at iyon pong ating mga recoveries naman ay nasa 1,327,103 cases, may naidagdag po tayong 6,154 for an equivalent of 94.5 percent recovery rates; samantalang ang death rate or case fatality rate po natin ay napapanatili po naman natin na mababa at 1.74 percent. At mayroon din po tayong naidagdag na pumanaw na 84, nakakalungkot po pero ito po ang pinakahuling ulat. At mayroon na po tayong 24,456 na pangkahalatan na bilang ng pumanaw.

At makikita po natin sa bandang kanan ang mga rehiyon na may naiambag na malaking bilang ng kaso sa pangkalahatang COVID caseload natin: Region IV-A ay 757 cases; sumunod ang Region VI - 674 cases; samantalang ang NCR ay patuloy na bumababa, nasa 657 na lang po siya; samantalang ang Region XI - 547; Region III nasa 423.

So ito po ang mga porsyento o ito 'yong bilang ng naiambag ng bawat rehiyon sa pangkalahatang caseload. At doon naman po sa mga pangunahing lugar na may mga matataas na bilang, nandiyan po ang Laguna - 307; Davao City - 300; Cavite -209; Iloilo -181; at Negros Occidental - 144.

Ito naman po ay nagpapakita --- kung ikukumpara naman po natin ang kasalukuyang trend. Kumpara noong 2020, makikita po natin ay ang

dumoble ang atin pong peak ng NCR, 'yong blue graph na nakikita po natin, 'yan po, ang umabot tayo sa peak of 5,534 ang Plus areas at Visayas ngayong 2021. At sa kabilang dako naman, apat na beses na mas mataas ang trend ng rest of Luzon at Mindanao ngayong taon kumpara po noong 2020.

Kung titingnan naman natin ang petsa ng mga peak, makikita na nag-peak ang NCR Plus areas at rest of Luzon noong Abril habang ngayong Hunyo pa lamang tumataas o nagpi-peak ang Visayas and Mindanao.

Inaasahan natin na sa pagpapalakas ng ating prevention, early detection, aggressive isolation, improved clinical treatment of serious to critical COVID cases at reintegration and vaccination strategies at healthcare capacities ng Visayas and Mindanao, magtutuloy-tuloy ang nakikita natin ang malinaw na senyales ng pagbaba.

So 'yon pong makikita ninyong parang first wave noon dito po sa bandang kaliwa, ito po 'yong nag-peak tayo noong July, August last year, Mr. President. So ito na ang nag --- parang second wave na po natin ito sa may bandang kanan, ikinukumpara lang po kung ano ang malaking deperensya. Dumoble compared po noong caseload natin noong nag --- unang nag-peak po tayo noong July, August.

Ito naman po ang case trends nationwide kasama ang National Capital Region at iba pa pong mga high-risk regions. At dito po base po sa ating datos, makikita na nagkaroon tayo ng pagbaba ng kaso sa buong bansa. In general, ayan po 'yong nasa dilaw, nationwide. Pagka ginamit po natin ang dalawang panukatan, ang average daily attack rate per 100,000 population at two-week growth rate, ito ay nagpapakita kung gaano ba kabilis ang pagkalat ng COVID-19 sa mga komunidad.

Dito po sa ating average daily attack rate ay ibig pong sabihin nito binibilang natin 'yong mga bagong kaso. On the average, kinukumpara natin 'yong linggo-linggong mga kaso at makikita natin from January 24 to February 6, 1.58 cases per day per 100,000 population. Ito po ay sumipa noong May to June na 5.96 cases per day per 100,000 population. At kumpara sa June 13 to June 26 naman, ito po ay bahagyang bumaba to 5.42.

Samantala ang two-week growth rate natin noong January 24 to February 26 nasa negative six percent ang growth rate, at ito po ay tumaas higit doble from May 30 to June 12 ng 15 percent. Pero maigi naman po at itong June 13 to 26 nito pong nakaraang Linggo ay nasa negative nine percent.

So kung titingnan natin lahat, ang NCR, ang Regions XI, VI, XII, VIII, CARAGA, `yong kanila pong average daily attack rate ay halos `yong NCR bumaba at ang Regions XI, VI, XII, and VIII ay bahagyang tumaas pero ang CARAGA ay bumaba po from 9.28 to 9.09. Bahagya din po ang ibinaba.

Ngunit pagka tiningnan naman natin ang two-week growth rate, lahat po ng NCR, Regions XI, VI, XII, VIII, and CARAGA ay makikita natin consistently `yong green arrows ay bumaba po from a high of May 30 to June 12, percentage increase makikita po natin ang malaki ang ibinaba.

Ito naman po ang ating maiksing ulat patungkol po sa ating vaccination program na naisagawa noong paunang town hall kasama po ang Department of Labor and Employment, ang Department of Foreign Affairs and OWWA at mga overseas Filipino workers. At dito tinalakay ang itinatalagang quarantine protocols para sa lahat na papasok sa ating bansa. Para sa kaligtasan ng ating bansa, patuloy nating binabantayan ang ating mga ports of entry upang maiwasan natin ang pagkakaroon po ng community transmission, lalong-lalo na po ang mga variants katulad ng Delta variant. Ito po ay talagang nagmamatyag po tayo. Mino-monitor po natin na hindi po ito makapasok sa atin pong mga komunidad.

Kaugnay po rito, Mr. President, patuloy lamang ang ating pagpapalawig ng mga iba't ibang inisyatibo at programa. Sa ngayon, nakapagbakuna na tayo ng higit 10 million doses. Kanina nga po kami ay pumunta sa Valenzuela City nila Secretary Galvez, Secretary Vince Dizon, at mga iba pa pong mga opisyal ng DOH at doon po ay sinaksihan namin `yong pagbakuna ng 10 million plus ng atin pong mamamayan mula sa Valenzuela City.

At mayroon na din po tayong 2.5 million indibiduwal na nabigyan ng pangalawang doses or kumpletong bakuna. At naabot na din po natin ang 1.6 --- 1,650,000 indibiduwal na nabigyan ng bakuna sa loob ng isang linggo. Ito po ang pinakamataas na performance po natin. Umabot po tayo

ng 1.6 million in just one week. Ito na ang kasalukuyan na atin pong nabigay na mga doses.

At dumating din kahapon, ika-27 ng Hunyo, ang halos 250,000 na bakuna ng Moderna. At nitong umaga naman sinalubong namin ni Sec. Galvez ang dagdag na 1 million doses ng Sinovac vaccines. At patuloy po tayong nananawagan sa lahat ng miyembro ng priority groups A1, A2, A3, A4, and A5 na magpalista at magpabakuna.

Tinitiyak ng siyensya at medisina ang kaligtasan at bisa ng ating mga bakuna. Kaya't para sa lubos na proteksyon ng ating mga kababayan, higit pa nating paigtingin ang ating paghihikayat na magpalista, magpabakuna, at maging protektado laban sa malubhang sakit dulot ng COVID-19.

So `yon na lang po ang aking pinakahuling ulat, Mr. President, `yon pong recommended community quarantine classification naman. Ito po naman ay... Kayo na po ang mag-aanunsyo, Mr. President, `yong bago po nating community quarantine classification --- *[next slide]* --- kung mayroon pa po tayong...

Iyan na lang po, Mr. President. Ito na po `yong ating bagong community quarantine classification sa mga piling probinsiya, highly urbanized cities and independent component cities, Mr. President.

Salamat po. Handa na po akong sumagot sa inyo pong mga katanungan.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you, Secretary Duque. We call next si General Año.

DILG SECRETARY EDUARDO AÑO: Magandang gabi po, Mr. President; fellow public servants, workers in the government; and Senator Bong Go. Maikling ulat lang po ito, Mr. President.

[Next slide, please.]

Mula po ika-21 araw hanggang ika-27 ng buwan ng Hunyo, nakapagtala po ng mas mataas na bilang ng violations sa iba't ibang health and safety protocols na ipinatutupad ng ating Presidente: 51,012 ang naitalang bilang ng violations ng hindi nagsusuot ng face mask; 598 ang bilang ng insidente ng mass gathering; habang 18,617 ang bilang ng violations na naitala ukol sa hindi pagsunod sa physical distancing. Sa kabuuan po, 2,442 ang ating kinasuhan through inquest at regular filing.

[Next slide.]

Mayroon pong dalawang bagong insidente ng mass gathering na kasalukuyang iniimbestigahan upang mapangalap ng sapat na impormasyon at masaway o makasuhan ang mga dapat managot sa mga insidenteng ito.

Ang unang insidente ay patungkol sa naganap na street party noong ika-19 ng Hunyo sa Barangay Cinco, Calauag, Quezon Province; at ang pangalawa ay ang patungkol naman sa boxing match na ginanap noong ika-21 ng Hunyo sa Barangay 38, Zone 2, District 1, Tondo, City of Manila at kasalukuyan po ang ginagawa nating imbestigasyon.

[Next slide.]

Sa ngayon ay umabot na sa 33,349,622 ang bilang ng ating mga kababayang nakapagparehistro na sa kani-kanilang LGUs upang makapagbakuna, ayon sa pinakahuling datos ng Vaccination Monitoring System ng DILG, at hinihikayat po natin ang ating mga kababayan na patuloy na magparehistro.

[Next slide.]

Narito naman ang datos na ating nakalap mula sa PNP at iba pang sangay ng pamahalaang nagtutulong-tulong upang mapuksa ang pagkalat ng iligal na droga sa bansa. Anim na indibiduwal na sangkot sa kaso sa iligal na droga ang kusong --- kusang sumuko sa mga awtoridad mula ika-20 hanggang ika-26 ng Hunyo. Sa parehong panahong ito, nagsagawa ang

pamunuan ng PNP ng 1,322 operasyon laban sa ilegal na droga. May 1,72[1] indibiduwal ang naaresto habang 11 naman ang naitalang namatay sa mga naisagawang police operations.

Mahigit anim na kilong shabu at mahigit 160 kilo ng marijuana ang nakumpiska sa magkahiwalay na operasyon ng ating kapulisan at iba pang ahensyang naglalayong wakasan ang paglipana ng ilegal na droga sa bansa. Humigit-kumulang P62,502,704 ang pinagsama-samang halaga na nakumpiskang shabu at marijuana sa parehong panahon na ito.

Kung titingnan po natin sa mga nakaraang data ay nakikita natin na napapakaunti natin ang supply sa lansangan at ibig sabihin po nito ay magandang development kahit po patuloy pa rin ang numerong operasyon na ating ginagawa.

Bilang panghuli po, nais ko lamang bigyang-diin na ang bakuna ang pinakamabisang panlaban sa COVID-19 kaya karapat-dapat komendahan ang mga LGUs na kusang nagbuo at nag-implementa ng mga makabago at malikhaing programa at insentibo upang himukin ang ating mga kababayan na magpabakuna. May mga LGUs tayong nabalitaan na nagbibigay ng discounts, freebies at iba pang insentibo para sa mga nakatanggap ng kanilang bakuna.

Ang iba pa nga po ay katulad lamang ng inisyatibo ni Congresswoman Camille Villar sa Las Piñas na kung saan ang lahat ng nagpabakuna ay puwedeng manalo ng motorsiklo at brand new house and lot. Ganoon din po sa Santa, Ilocos Sur sa inisyatibo ni Mayor Jesus Bueno Jr. ay puwedeng manalo rin ng isang house and lot.

At may mga programa ding ipinapatupad ang ilang LGUs upang mas marami pa sa ating mga mamamayan ang kusang magparehistro, magpalista upang sila'y mabakunahan. Suportado ng kagawaran ang mga programang katulad nito at sana'y ipagpatuloy at lalo pang palawakin ng LGUs ang pagpapatupad ng mga ganitong inisyatibo upang ating makamit sa lalong madaling panahon ang herd immunity sa buong bansa.

Iyan lamang po at maraming salamat, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you, Secretary Año. Secretary Galvez, it's your --- to recap everything.

NTF COVID-19 CHIEF IMPLEMENTER AND VACCINE CZAR CARLITO GALVEZ JR.: Yes, sir. Magandang gabi po, mahal na Presidente; Senator Bong Go; ating mga Cabinet members. Sir, nagpapasalamat po kami kay Senator Bong Go, kay SILG at saka po kay SND, tinutulungan po kami ni Secretary Duque na mapalawig ang ating vaccination program.

At natutuwa po kami na nagtutulungan ang Armed Forces and also ang DILG para mapalawig ang ating vaccination program.

[Next slide, please.]

Maganda pong balita po ngayon dahil kasi dahil po sa nagpupursige ang ating mga LGU na magkaroon po tayo ng population protection, na-breach na po natin iyong 10 million mark last Saturday. We have accomplished our target of 5 million jabs this month.

Katulad po ng naibalita po ni Secretary Duque, iyong 10 milyon po na 'yon, iyon po tinarget (target) po natin. Sinabi nga po natin na within this month ay 5 million ang ating ibabakuna. Marami po ang nagkaroon ng duda dahil kasi nga po akala po nila na hindi na natin makakaya iyong pagbabakuna ng 5 million a month.

At nakita po natin na talagang sa pagsusumikap ng ating mga LGU at ng ating mga ibang mga agencies, ang DOH ay nagkaroon po ng napakamalawak na bakunahan sa iba't ibang lugar.

Iyong number two po ay natutuwa po kami, Mr. President, na i-report po sa inyo na iyong lahat ng master listed na healthcare workers ay nabakunahan

na po natin. At mayroon na po tayong more or less 1,131,498 na already received the second dose.

And then also maganda rin pong balita na ngayong buwan napakataas ng ating na-receive na bakuna as compared noong last quarter. Naka-receive po tayo ng 9,126,420 doses for the month of June only with a total of 17,455,470 vaccines that have been delivered by the different manufacturing company.

At ang number four po, ang ating National Vaccination Operation Center kasama po ang ating mga LGU sa pamumuno po ni Secretary Vince Dizon will endeavor to achieve 8-10 million doses to be administered for the month of July, the global supply permitting. Iyon po ang target po natin ngayon na makapagbakuna po tayo ng more or less dalawang milyon kada ano, kada week po kasi nakuha po natin 1.6 million kada --- kada buwan.

And then based on the guidance of the President, we are reallocating more vaccines to surge area. Ipakita po natin 'yong mga distribution by regions mamaya po sa mga next slide po na papatunguhan po natin.

[Next slide, please.]

We will go more on the details on the total vaccines administered that we had. So makikita po natin, Mr. President, sa atin pong 'yong A1 po natin mayroon na po tayong 2.8 million na nabakunahan ng first dose at saka second dose; sa A2 po mayroon na po tayong almost 3 million kasama po ang second dose at saka first dose; sa A3 po ang ating total na bakuna na na-administer is 3.2 million; at sa A4 ay 842,000; at dito po sa A5 na nagsisimula na po tayo, 184,125, for a total of 10,065,414.

Iyong pinakamataas po natin na nakuha na vaccination per day is noong June 24, [2021], ito po ay 348,184 jabs. At sa dalawa pong ano, dalawa pong linggo po natin ay na-breach po natin iyong 1.4 million jab per week in two consecutive weeks. At ang mataas nga po noong June 21 to June 27 ay nagkaroon po tayo ng tinatawag na 1,658,072 jabs na nagawa po.

At nakikita po natin ngayon mayroon na po tayong 4,089 na vaccine na --- vaccination sites at mayroon na po tayong more than 13.8 million na na-deploy sa ating mga vaccination centers.

[Next slide, please.]

Ito po para makita po natin ang details. Kung makikita natin talagang papaangat na po ang ating mga vaccination. So noong March 2021, nagsimula lang po tayo ng 700,000 per month. Noong April, nagkaroon po tayo ng 1 million, and then noong May nag-over po tayo ng 3 million. Ngayon pong June, bago po matapos ito magkakaroon po ng 5 million, a total of 10 million.

Kung makikita po natin umaangat na rin po `yong tinatawag natin na `yong weekly administration natin from 717,[293] noong June 1 to [6], nagkaroon tayo ng 982,898 noong June 7 to June 13. At nakikita natin `yong pinakamataas nating nakuha noong June 14 at saka noong June 21 mayroon po tayong 1.4 million. And also `yong pinakamalaki po natin from June 21 to June 27, 1,658,072 jabs. So kung makikita po natin sa kabilang slide po, kung makikita po natin na `yong during the weekdays ay mataas po ang ating average na umaabot po tayo ng 300,000 to 200,000. Bumababa lang po tayo during Sunday at saka Saturday dahil po namamahinga po `yong ibang mga vaccination centers po natin.

[Next slide, please.]

Sir, ito po `yong ano, `yong unang deployment po natin noong nagsimula po tayo. Iyong mga pula po `yan `yong mga surge area noong sa NCR at saka tinatawag nating sa mga NCR Plus.

And then ngayon, with ano --- with the direction of the President, `yong mga may asterisk po ito po `yong mga deployment area po natin ngayon. So `yong mga dumadating po na bakuna binibigyan po natin ng mga malalaking quota o allocation `yong mga may asterisk po.

At hindi rin po natin pinapabayaang `yong mga area na nagkaroon po ng surge. So kung makikita po natin `yong mga iba area, medyo mahina po ang

capacity pa nila. At tinitingnan po natin, pinag-aaralan po namin kung paano po magkaroon ng expansion ang capacity ng mga ibang LGUs at saka bibigyan po natin sila ng mga tinatawag natin ng additional allocation.

So kung makikita po natin ang pinakamalaking allocation po natin ang NCR with 4 million; and then IV-A, 1 million; and then the other red areas is more or less 400,000 ang naibigay po natin.

Iyong mga ibang mabababa, 'yan po ang bibigyan po natin ng --- itataas po natin ang capacity at bibigyan po natin ng mga ibang allocation. Unang-una po 'yong Region VI, Region VIII and IX, Region XII, 'yong CARAGA at saka po 'yong Region II. Ito po 'yong mga tumataas ngayon po ang mga kaso, as reported by Secretary Duque.

[Next slide, please.]

Ito po ang mga scheduled delivery po natin. Bago po matapos ang buwan, darating --- dadating pa po ang additional doses ng Moderna, 99,600. Ito po, Senator Bong Go, ito po iba --- i-ano po natin dito, ibibigay po namin ito sa mga OFW at saka mga seafarers po natin na ipinangako po natin, at saka sa ating mga frontliners na kailangang-kailangan po ng mga ano po natin, mga --- 'yong different government employees po natin.

So 'yong naipangako po natin noong pumunta po tayo doon sa --- sa MARINA, bibigyan po natin sila ng additional doses. So from this magiging buffer po natin Moderna.

And then sa July po, ine-expect din natin na magkaroon tayo ng another 5.5 million from Sinovac. And then 'yong AstraZeneca, coming from the different private sector na order at saka LGU either July 5 to 12 po ang kanilang delivery ay mayroon po tayong 1.17 million.

And then Moderna, confirmed na rin po na July 12 magkakaroon po tayo ng 250,000. And then nagpapasalamat din po kami sa Pfizer kasi ang sa ating kontrata is more than eight weeks bago sila mag --- magkaroon ng delivery. But with the help of the US Embassy, nagkaroon po ng early delivery na 500,000 and we are very, very thankful for that ano, for that development.

And also, mayroon tayong inaasahan na more or less 2 to 4 million from COVAX. And then ang US donation po na 800,000 to 1 million ay darating din po, more or less baka J&J po ang ibigay po sa atin, Johnson & Johnson.

And then `yong Japanese donation, nandito na po sa akin ang papeles at pipirmahan na po namin ni Secretary Duque `yong tripartite agreement natin with Japan.

And then also sa August, we are expecting also to have the delivery of more or less 13,670,000 galing din po `yan sa Sinovac, COVAX, Pfizer, AstraZeneca at Moderna. Pagka natapos po ang August po, Mr. President, more or less 44,545,870. Ito po `yong tinatanong po ni Secretary Lorenzana na ka --- na kaya nating abutin `yong 44 million na jabs before the end of August. Iyon po ang aming tina-target.

[Next slide, please.]

Sir, ito po ay `yong detail ng ano, ng mga deliveries po natin for the information of the public na mayroon na tayong mga series of deliveries starting from ano, from February --- February 8. Nandito po, naka-tally po lahat `yan at makikita po natin ang total ano po natin noong first quarter, nakita natin talagang increasing ang ating volumes.

Noong first quarter, 2 million lang po ang nakuha po natin. Pero po noong second quarter, sumipa po tayo ng 14,929,870. At ang inaasahan po namin na `yong quali --- quantity po na 14 million, ito po magiging per month na natin na delivery.

So ito po ang total doses delivered na po natin ngayon: ang Sinovac po, 12 million na; ang AstraZeneca, 2.5 million; `yong Pfizer, 2.4 million; `yong Moderna, 249,[000]; and then Sputnik 180,[000], for a total of 17.4 miillion.

[Next slide, please.]

Sir, ito po `yong mga major activities natin ng --- ng --- ng, yes --- ng ano, noong last, last week. Nakita natin nandito po si Spox at nagkaroon po tayo ng tinatawag na media press briefing with our --- interview with our Israeli medical expert. Napaka-successful po ng --- ng visit kasi po ang pagkakasabi po nila, they did not expect na well-prepared din ang Philippines in terms of our vaccination program.

[Next slide, please.]

Sir, ito rin po `yong --- binisita po natin `yong field hospital sa Luneta Park with the Israeli expert and also the grand launching of event with Senator Christopher "Bong" Go last 23 to 24, June 2021. Ito po in preparation po,

just in case na magkaroon ng another --- another surge ay mayroon po tayong at least 336 hospital beds na available po dito sa Luneta.

[Next slide, please.]

Sir, nag --- noong isang araw, noong June 24, nagkaroon tayo ng arrival ng 2 million doses procured po ito from Sinovac. And then this morning ay nagkaroon din po tayo ng additional delivery. Nakikita natin medyo dumidikit na 'yong aktaw ng ano, ng deliveries po natin within four days ay nakita natin kaagad na mayroon tayong 3 million deliveries.

[Next slide, please.]

With the arrival of the batch of Moderna, naging lima na po ang ating brand dito po sa Pilipinas. Ito po ay nag --- nagbibigay ng tinatawag nating --- this is a manifestation na tataas na 'yong ating ano, ating volumes because we will be receiving regularly per month na delivery ng Moderna, kasama po ang Pfizer.

[Next slide, please.]

Sir, nagkakaroon po tayo ng parang tinatawag na information drive with the private sector at kasama po diyan si Fr. Nicanor Austriaco. Siya po ay isa pong microbiologist, ginagamit po natin siya dahil kasi talagang maganda po siya magpaliwanag sa ating mga tao para magkaroon ng tinatawag na vaccine confidence.

And nakikita niya po 'yong briefing natin, 'yong simulation natin, he --- he himself believed that we can achieve 'yong tinatawag natin na containment o population protection by Christmas. So siya po ang isang tumutulong po sa Quezon City at tinutulungan din niya po ang mga private sector in order to increase 'yong vaccine acceptance po sa buong bansa.

[Next slide, please.]

Sir, ito po 'yong ating vaccination sa seafarers. Ito po ay in-attend-an ni Senator Bong Go at natutuwa po ang seafarers kasi binigyan ng --- binigyan ng administrasyon ng napakalaking lugar para magkaroon ng prioritization sa ating vaccination.

And they --- we can see the ano, the happiness on their face dahil nakita nila na sila from ano po from B1, naging A4, at inilaban po ni Senator Bong Go at ibang mga --- ibang senador na maging A1 po sila. At tuwang-tuwa po

silang kasi ang naibigay po natin sa kanila during those time ay 'yong Pfizer po.

That's all for my presentation at maraming-maraming salamat po, Mr. President, for all the ano, the guidance and the inspiration that you have given to us together with Senator Bong Go po.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you, Secretary Galvez. Secretary Nograles, you have something to say? Something to report?

CABINET SECRETARY KARLO ALEXEI NOGRALES: Magandang gabi, Mr. President. Maayong gabii sa tanan. Good evening, Senator Bong Go and all members of the Cabinet. Tungkol na naman po sa fight natin against hunger and malnutrition, Mr. President. I'll focus now on sa nutrition aspect naman po.

Mayroon po tayong tuloy-tuloy ang ginagawa natin pag-initiate at initiatives para sa Mother and Baby Friendly Hospitals 'no. Kaya kahit may pandemyang COVID-19, patuloy pa rin 'yong mga virtual trainings na ginagawa natin sa Mother Baby Friendly Hospital Initiative na nag-pilot run po tayo sa CALABARZON, and hopefully we will also carry that out in the other regions as well. At patuloy ang pagbibigay natin ng certification and renewal of Mother Baby Friendly Hospitals certification ng public and private hospitals in all regions.

At dito naman po sa Support to Centers for Health Developments all across the regions na nagi-implement at maganda ang pag-implement ng Republic Act 11148 or 'yong "Kalusugan at Nutrisyon ng Magnanay Act" or the "First 1,000 Days" Law.

Patuloy 'yong pagbibigay natin ng support dito sa CHDs ng CAR, Ilocos Region, Bicol Region, Metro Manila, CALABARZON, MIMAROPA, Western Visayas, Central Visayas, Eastern Visayas, Zamboanga Peninsula, Northern Mindanao, Davao Region, SOCCSKSARGEN, at CARAGA Region.

Dito naman po tayo sa pag-manage natin ng Integrated Management of Acute Malnutrition Program.

[Next slide, please.]

Patuloy rin 'yong procurement natin ng mga commodities to be used in our anti-malnutrition drive and management of acute malnutrition program. Kita niyo naman mayroon --- patuloy 'yong procurement natin ng mga commodities katulad ng ready-to-use therapeutic food, iyong two kinds of therapeutic milk, at ready-to-use supplementary food.

At kabilang na rin po diyan 'yong mid-upper arm circumference tapes for children and adults para malaman po natin kung undernourished 'no 'yong ating mga tinutulungan at namo-monitor natin 'yong progress 'no as part of our anti --- our management of the acute malnutrition drive.

Kasama rin po 'yong testing of simplified approach to management of acute malnutrition and adapting it to the ongoing pandemic situation where undergoing pilot runs sa Zamboanga Peninsula, Bicol Region, at Eastern Visayas Region, Mr. President. *[Ah, next slide.]*

Iyong sa Micronutrient Supplementation Program --- this is also in fulfillment 'no of our policies and laws with regard to micronutrient supplementation --- patuloy rin 'yong ating pag-procure ng vitamin A, micronutrient powder, iron and folic acid, and ferrous salt solution or iron drops, and we continue to deploy these sa iba't ibang mga regions.

Then we've already updated our manual of operations for micronutrient supplementation consultations kasama 'yong mga eksperto natin diyan at ang regional nutritionists and dieticians.

Next po ay 'yong ating additional feeding program under your term, Mr. President. Nadagdagan po ng additional feeding program sa ginagawa nating current feeding programs. Ito naman po is through the National Nutrition Council, Tutok Kainan Supplementation Program.

Ang target po natin dito is in fulfillment of the First 1,000 Days of Life. So ang target po natin dito are nutritionally at risk pregnant women and children six months to 23 months old who are stunted. So we are currently doing this. We are now on Phase I. Ito po 'yong ating target number of beneficiaries and areas covered.

So itong areas na covered were identified as the --- by the human development and poverty reduction cluster priority areas at dadagdagan po natin ang mga provinces that were hard hit by the typhoons and also 'yong tinatawag na emergency areas. That is for Phase II and Phase III later on, Mr. President.

And speaking of feeding program, tuloy-tuloy pa rin po tayo sa feeding --- ongoing feeding programs natin.

[Next slide.]

Iyong first is 'yong Supplementary Feeding Program ng DSWD. So as you can see, out of the potential 1,881,979 children, nakapag-serve na po tayo ng 1,775,738 children in our ongoing implementation of the supplementation --- Supplementary Feeding Program. That's under DSWD. *[Next slide.]*

And sa DepEd naman po, kahit wala po tayong face-to-face classes ay ipinagpatuloy po ng Department of Education ang ating feeding program for school children, elementary. So ang target pa rin natin dito are undernourished elementary children.

So mayroon po tayong --- kahit wala pong face-to-face classes, what we have done, Mr. President, is nagkaroon tayo ng distribution ng nutritious food products at nilagyan na po natin ng milk component `yan. And again this is in

fulfillment of Republic Act 11037 or the “Masustansyang Pagkain Para Sa Batang Pilipino Act” that you signed, Mr. President. At dinagdagan natin ng fresh milk or fresh milk-based products as an additional component sa feeding program natin.

[Next slide.]

So under the enhanced nutribun po --- and thank you to the Department of Science and Technology - Food Nutrition Research Institute --- binalik po natin itong programang ito. We actually launched the e-nutribun noong July 29, 2020.

Ito po 'yong squash variant gamit po 'yong squash dito sa paggawa ng e-nutribun. But we have also launched a new variety which is carrot naman po 'no. Iyon 'yong bagong variant natin --- iyong carrot-flavored and carrot na ingredient for e-nutribun which we launched noong April 28, 2021. So whether or not magkaroon ng supply or kukulangin tayo ng supply ng squash, we also have carrots as an ingredient na puwedeng gamitin.

So we already have 114 technology adopters all over the country na nag-adopt ng technology na ito so para hindi tayo magkakaroon ng problema in the supply. So itong nutribun, Mr. President, ginagamit na rin natin sa ating mga feeding programs sa iba't ibang mga lalawigan at regions all over the country.

Iyon lang po muna, Mr. President, at magandang gabi po muli.

PRESIDENT DUTERTE: Salamat, Secretary Nograles.

Now, I'm sure that... Atty. Panelo? Senator Panelo o attorney? Secretary Panelo pala. My favorite candidate for senator. Tatakbo ka ba? Sabihin mo na at para malaman ng mga tao. Mukha atang tatakbo ka.

CHIEF PRESIDENTIAL LEGAL COUNSEL SALVADOR PANELO: Hello, Ginoong Pangulo, siguro lalakad na lang tayo papuntang Senado para hindi tayo madapa. Lakad na lang huwag takbo.

PRESIDENT DUTERTE: Alam mo, Sal, maraming tao na hindi nakakaintindi sa iyo pero 'pag nalaman nila gaano ka ka-strikto --- very strict sa --- disiplinado ka sa trabaho mo at kung alam lang nila ang paano umaandar 'yong utak mo, bibilib ang Pilipino. Ako, bilib ako sa iyo. Bilib ako sa utak mo. At I said I appreciate your --- itong ano mo 'yong pagka-strikto mo sa trabaho. Everybody is almost on a tiptoe 'pag iyang binabasa na namin iyong mga recommendations mo.

You are the Presidential Adviser --- Legal Adviser of the President at marami kang naibigay na mga opinyon na nagamit ko at sa awa ng Diyos puro totoo. Sabi ko nga hindi naman --- iniwasan natin dito na magmukha tayong --- or at least there is no --- hindi magsuspetsya ang Pilipino na kasabwat tayo sa linlangan ng mga taong Pilipino.

It's your turn to talk. Mabuti siguro mag-Tagalog ka na lang. Mahusay ka, Bicolano ka eh.

SEC. PANELO: At saka Ilocano po ako, Presidente.

PRESIDENT DUTERTE: Bicolano ka.

SEC. PANELO: Ang tatay ko ay La Union; ang nanay ko ay Bicolano.

PRESIDENT DUTERTE: Ah okay. Whichever...

SEC. PANELO: Maraming ano --- marami pong salamat for the kind words, Mr. President, and for your endorsement.

PRESIDENT DUTERTE: Hindi, totoo 'yan.

SEC. PANELO: Ang gusto ko lang pong --- ang gusto ko pong ibahagi sa inyo at ipaabot sa inyo eh iyon pong mga pasasalamat ng gobernador ng Nueva Ecija at ng gobernador ng Nueva Vizcaya, si Gobernador Oyie Umali at si Gobernador Carlos Padilla, kasama na po 'yong mga alkalde nila gaya noong mga kalye diyan po sa Muñoz; sa Cabanatuan; diyan po sa Aliaga, si Mayor Vargas; pati na po 'yong mga probinsiya ng Bataan, sina Gobernador [A]bet Garcia at saka si Governor Ebdane ng Batanes pati na ho si Governor Dennis Pineda.

Kasi ang pinapaabot po ng mga gobernador na ito at mga alkalde, nagpapasalamat daw po sila na ang kanilang damdamin, ang feeling po nila sa administrasyong Duterte ay kabahagi po sila sapagkat wala daw po silang hakbang na paghingi ng kalinga o tulong sa Gabinete, sa mga opisyaes sa Gabinete at sa Presidente, na hindi po natugunan.

Palagi daw pong sumasagot ang mga miyembro ng Gabinete sa kanila o kaya kung hindi makasagot, nagri-return call o kaya nagti-text. So they --- they expressed their appreciation na they feel that they are part of this government.

Pangalawa, eh gusto rin po nilang ipaabot 'yong pasasalamat nila doon sa mga ayudang naibibigay sa kanila kasi doon po sa mga paglakad natin, marami po silang inihahain na kung hindi man reklamo, pakiusap, eh kara-karaka 'yon pong tinatawagan nating mga secretary ng iba't ibang departamento kagaya ni Secretary Dar, Secretary Bautista, Secretary Año,

Secretary Villar, at saka si Secretary Al, lahat po ng mga inihain nila, ahora mismo mayroon po kaagad kasagutan at tuwang-tuwa sila.

Pati nga po doon sa Nueva Vizcaya, iyong mga mayor po doon lalo na 'yong mga IP na unang-una nagpasalamat 'yong tatlong alkalde roon na tinulungan daw po sila ni Senator Bong Go na napagawa 'yong kanilang mga munisipyo na giba-giba na at maraming --- at naitayo na nila. Kaya talaga itong mga kababayan po nating mga local government officials, talagang tuwang-tuwa po sila sa mabilis na pag-aksyon ng administrasyong Duterte.

Now, doon naman po sa itong gaya ni Mayor Rocky Ilagan ng Calapan Mindoro, nag-text po siya kanina at nagpapasalamat kay Secretary Charlie sapagkat nagpadala po si Secretary Charlie Galvez, na palagi rin nating tinatawagan, ng bakuna dahil sa Puerto Galera hindi po ba humingi sila noon. Nakarating at humihingi ho ng additional kung puwede raw na magpadala ulit. Eh ganoon din po sa Nueva Ecija --- Nueva Ecija, Nueva Vizcaya, doon din po sa Bataan, 'yon din po ang hinihingi nila kung puwedeng mabigyan na sila ng additional. At sabi ko po naman dahil marami na ngang dumarating na bakuna, sabi ni Secretary Charlie, baka next month marami ng deliveries. So iyon po ang kanilang mga hinihingi at natutugunan naman kaagad.

Iyon naman pong mga nandoon sa --- sa Payatas, doon po sa Holy Spirit, nako ang laking pasasalamat nila sapagkat mayroon na po silang araw na itinakda para tanggapin nila at makalipat na sila doon sa mga housing units na ibinigay ninyo sa kanila at tuwang-tuwa po sila.

At ito naman si GM Escalada, marami na rin pong ini-schedule na pag-uusap sa mga iba sapagkat marami naman daw, sir, units na nakalaan. At ito namang mga nakatira sa estero, diyan sa ilalim ng tulay at kung saan-saan pa, sila naman ay willing na lumipat upang magkaroon na sila ng sarili nilang bahay at lupa.

Iyon naman pong mga mangingisda, nag-text din po sa atin, eh nagpapasalamat naman kay Secretary Dar dahil sa mga ginagawa ng departamento pati 'yong mga magsasaka. Lalo na ho 'yong mga OFWs kasi ho 'yong mga OFWs marami hong ibinibida sa ating suliranin. 'Pag tinatapon ko naman ho 'yong pangangailangan nila kay Secretary Teddy Boy Locsin, kay Secretary Bebot Bello, nako ang bibilis ho. Talaga namang walang karakara, nabibigyan kaagad ng solusyon.

Kaya madaling sabi, talagang natutuwa po sila kaya without --- without asking from you kung ano ang damdamin ng mga tao kaugnay naman sa 22 --- 2022 elections, eh talaga po yatang wala na tayong magagawa. Ang

gusto nang marami sa lahat ng mga pinuntahan kong mga probinsiya binanggit ko sa inyo at iba pa pati sa Visayas, talagang ang napupusuan nila kung hindi ho si Mayor Sara maging Presidente, si Senator Bong Go, alin man sa dalawa. At kung doon po sa dalawa, 'pag tinatanong ko, by the raising of the hands, mga 300 usually ang aking audience at 'yon ho ay may social distancing 'yon ha. Talagang dalawang metro dahil napaka-strikto ko nga doon at kumpleto pa ng mask, double mask pa.

'Pag tinatanong ko ho 'yong grupong 'yon kung sino ang may gusto kay Mayor Sara --- nagbibigay din ho ako ng mga pangalan, wala naman nagtataas ng kamay --- 'pag si Mayor Sara, mga 75 percent. 'Pag si Senador Bong Go, kung ayaw ni Mayor Sara, eh nagtataas mga 70 percent. Pero 'pag tinanong ko na ho, "Sino ba ang gusto niyong maging bise presidente, maging ka-tandem nitong either one of them?" Ay maniwala't hindi po kayo eh talagang isang daang porsyento ang nagtataas ng kamay. Talagang wala ho yatang makakapigil na kayo talaga ang gusto ng taong-bayan, as far as doon sa mga pinuntahan ko at marami na po akong napuntahan.

Iyon lang po ang maibabahagi ko sa inyo. Ang sabi ko na lang po sa kanila, ang sabi ni Mayor Sara, ni Senador Bong Go, at ni Presidente, eh talaga naman itong tatlo ay ayaw tumakbo pero ipapasa Diyos na lang nila kung ano ang itinakda ng mga diyos ng tadhana, iyon ang mangyayari. Kumbaga sabi nga ni Doris Day sa kanyang kanta, "Que Sera Sera, what will be, will be."

Marami pong salamat.

PRESIDENT DUTERTE: Well said. Good luck na lang sa kandidatura mo. Alam mo, Sal, alam mo you and I know that itong mga kababayan natin... Eh ako noon as mayor hanggang ngayon, eh hindi masyadong kumakati 'yong katawan ko magpapasalamat 'yong tao kasi alam ko na 'yong tinulong natin sa kanila.

Iyong may-ari ng pera na ginagawa namin, sa inyo 'yon. Kaya lang naman I cannot build houses overnight. Itong sigurong matapos itong NHA kung tutuusin mo, it would take them about maybe 15 years to build itong mga housing projects na nagkakalat-kalat ng mga squatter.

Ganunpaman, 'pag nakita mo kagaya doon sa Holy Spirit, nakausap mo through your sa nag-phone patch ka? Is that how you...?

SEC. PANELO: Yes.

PRESIDENT DUTERTE: Okay. Nag-promise ako na dahil sa intervention mo, eh nagpadala kaagad ako ng urgent message sa NHA to build the necessary houses. Iyong kailangan lang kagaya ng... Unahin ko lang itong nasa ilalim ng tulay. Tama 'yon. Tama 'yong communication mo sa akin. Iyong narratives natin 'yong araw na 'yon, para sa akin unahin natin 'yong nakatira sa ilalim ng tulay at kung ano saan man kayo naroroon, paalamin lang ninyo at gagawa tayo ng mga bahay.

Hindi ko lahat mabigyan, mga kababayan ko, kasi wala ho tang --- wala naman ganoong karaming pera, materials, at trabahante. Eh 'yong mismong panday na maggawa niyan...

Look, we will just able to finish the housing projects... Noong na-Presidente ako, pumunta ako ng Tacloban. Nakita ko doon na dalawa pa lang ang natapos nila. Kaya nagkamali sila, may truck doon naka-parking, tinawag ko sila, pumasok ako sa truck tapos sinabi ko sa kanila si Evasco, ito 'yong mga trabahante talaga ng gobyerno, trabaho lang alam nito. Escalada, mayor pa ako niyan, mayor pa ako ng Davao City talagang he can work miracles sa --- he can work night and day and even climb the highest mountain just to really give a solution.

So 'yong sa Holy Cross sabi mo nauumpisahan na? At...

SEC. PANELO: Holy Spirit.

PRESIDENT DUTERTE: Ah, Holy Spirit. Holy Cross kasi ang --- Holy Spirit. O ngayon 'yong sinabi mong nakatira sa ilalim ng tulay, ilalim ng mga tulay sa mga estero ganoon, iyon ang unahin natin. Hindi tayo puwede magpasok ng mass housing kasi hindi talaga kaya.

Iyong sa Yolanda, pagdating ko doon dalawa lang ang na --- sabi ko dalawa lang. Kaya sinabi ko kay Evasco pati Escalada, 'pag hindi natapos, I'll give you six months, 'pag hindi natapos 'yan maghanap kayo ng ibang trabaho, talagang papalitan ko kayo.

It was not a threat but a suggestion to them to do more because if they cannot do the more, then I will look for somebody who can do the more projects, more houses.

'Yan ho kahirap mag-solve ng housing problem dito sa Pilipinas. Hindi mo madala sa isang salita na gusto mo overnight. You know, you cannot --- you need 20 years para maitayo mo 'yong mga bahay sa... Hindi lang basta-basta lupa nandiyan. Eh 'yong may mga lupa na karamihan dito sa Pilipinas

may-ari na. Ngayon, kung ilagay mo sa bundok, sa tuktok ng Taal, ay ibang istorya `yan, mayroong lupa. Pero sabihin mo na isang salita na bigyan mo lahat at matapos mo ganitong panahon, you must be crazy or you are lying through your teeth because reali --- realistically, hindi mo talaga kayang magawa `yan.

So...

SEC. PANELO: Ginoong Pangulo, mayroon nga pala akong idadagdag. Nakalimutan kong sabihin sa inyo na `yon hong mga taga-Tondo, `yong mga nasunugan, eh nangako din po si General Escalada dahil nga --- si GM Escalada --- na bibigyan din sila, pino-process kasi mayroon daw ho siya, mayroon siya sa Rizal, may sa Cavite, may mga ready housing units.

At `yon namang mga nasunugan sa Tondo na talagang wala namang mababalikan eh naka --- nandoon lang ho sila sa mga tent ng eskwelahan, eh ilang --- mga ilang linggo na po sila roon, talagang wala silang matitirhan. Eh sabi nga ni GM Escalada, "Eh sige..." Sabi niya, "...mayroon naman akong mga units pa. Titingnan natin at kung talagang kailangan eh mabibigyan natin ngayon." Kaya tuwang-tuwa ho sila at nag-video call din nga si Ma'am Honeylet Avanceña at tuwang-tuwa rin sila at pinarating nila `yong inyong pagkakalinga sa kanila, Ginoong Pangulo.

PRESIDENT DUTERTE: I'd like to hear about Secretary Roque. On all --- on all aspects of governance dito, hindi lang `yong prosecution. You may or you may not discuss it. But other matters which you think shall be brought --- should be brought to the public so that we can act on a problem that is not seen readily or immediately.

PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE: Opo. Well, for now po, mayroon lang akong kaunting presentasyon po para ipakita sa inyo `yong pagbabakuna ng ating A4 `no. Ang A4 po ay ang ating mga workers, both private and public, na lumalabas po ng kanilang mga tahanan.

I'd like to explain po na `yong choice kung sinong babakunahan na una sa ating mga symbolic vaccination is a well-thought-of communication strategy `no. At ang una pong nakikita natin eh siyempre po, alinsunod sa inyong

utos at kagustuhan na bigyan ng prayoridad ang ating kasundaluhan at ang ating kapulisan, sila po talaga ang isa sa pinakauna na binakunahan natin na A4.

PRESIDENT DUTERTE: Let me cut you there. I'm looking at the picture actually of soldiers being vaccinated.

SEC. ROQUE: Opo.

PRESIDENT DUTERTE: Why can't the other units of government, organic, mga local governments, bakit hindi nila masunod `yong disiplina sa...? Madali lang man `yan. Look at the soldiers waiting for --- there on a shaded area and they are sitting down. It does not mean to say na sundalo patindigin mo lang isang oras diyan. O tingnan mo ang... It --- it's... It is quite an effort to do that. You need chairs and you need people to supervise how it is being aligned. But look at the --- ang ginawa ng...

Kaya mas gusto ko kausapin ang military. May utusan ako, military always `yan eh. Hindi ko sabihin na ginagawa ko sila ng boy. Pareho lang kami, workers of government. Kaya lang madalian at saka tamang-tama lang, on all fours ika nga. Tama lang `yong na ano.

Go ahead, Secretary.

SEC. ROQUE: Yes, sir. Pagkatapos po ng ating mga kasundaluhan, eh kinabukasan ang ating kapulisan naman po ang ating sinubject (subject) to symbolic vaccination, at `yong sa kapulisan naman po ay ginawa sa Camp Crame. Pero itong mga larawan po, ito po `yong sa kapulisan. Kasama po sa nabakunahan ay ang ating PNP Chief na si General Eleazar.

Lahat po sila natutuwa dahil alam niyo po, mga kapulisan, ang dami na po talagang nagkasakit at may ilan ng mga namatay, at lahat po sila'y natutuwa na nabibigyan na ng proteksyon po.

PRESIDENT DUTERTE: Tama, maraming pulis namatay sa COVID.

SEC. ROQUE: Tama po at they appreciate po the importance that you gave them dahil napasama po sila sa priority A4. At hindi lang po sundalo at pulis ang nabakunahan na sa A4, kasama rin po `yong ating mga BJMP, `yong ating mga jail wards po, mga jail guards.

PRESIDENT DUTERTE: Sino --- sino `yan itong...?

SEC. ROQUE: Ito po `yong mga Bureau of Jail Management and Penology naman po. Tapos po ng BJMP ay umikot po tayo sa iba't iba pang mga gobyerno. Ito po BJMP pa rin. Tapos DILG po nabakunahan din po natin. Itong --- sa Central Office po ginawa ito noong 16 of June.

Tapos ang DILG po --- *[next slide]* --- DSWD naman po ang pinuntahan. And after DSWD po --- *[next slide]* --- ay pumunta naman po tayo sa PDEA `no.

Lahat po ito ay symbolic pero patuloy naman po ngayon ang mga pagbabakuna sa mga opisina ng ito. Matapos po ang PDEA --- *[next slide]* -- - ay nagpunta po tayo sa DPWH dahil ang mga DPWH po ke may pandemya ke hindi eh talagang tuloy-tuloy po ang pagtatrabaho, lalong-lalo na doon sa mga national projects of significance na kasama po sa Build, Build, Build.

Tapos po ng DPWH, pumunta po tayo sa PCOO. And dahil importante rin po na ang PCOO po hindi rin natutulog dahil sa komunikasyon po ang kanilang trabaho `no. Pagkatapos po ng PCOO, nagpunta pa po tayo sa --- ito naman po `yong vaccination para sa mga seafarers `no. Ito po ay ginawa sa Palacio de Maynila at dito po natin inanunsyo na talagang bibigyan sila ng Pfizer hindi dahil sila'y nakakapili, kung hindi, `yong kanilang mga employers po ang nagre-require niyan at kinakailangan po `yan para sa kanilang hanapbuhay `no. At ito rin po'y alinsunod doon sa panawagan ni Senator Bong Go na bigyan na ng prayoridad itong ating mga seafarers.

PRESIDENT DUTERTE: Ah, Harry, sandali ha.

SEC. ROQUE: Opo.

PRESIDENT DUTERTE: Itong bakuna sa seafarers, anong --- itong mga OFW --- may mga bansa kasi na ang recognized lang nila ang itong Western vaccines.

SEC. ROQUE: Tama po.

PRESIDENT DUTERTE: Ayaw nila na `yong Chi --- kagaya ko, ako Sinopharm, iyong iba Sinovac. Kaya kung para maintindihan ng mga tao, "Eh bakit sila Pfizer, kami..." Lahat `yan puro may bisa. Tabla `yan, huwag kayong maniwala.

But itong mga seafarers kasi hanapbuhay nila, kailangan magkaroon sila ng vaccine but mga Pfizer, Moderna, basta Western medicine, bago sila makabalik sa trabaho nila. Kaya `yan Pfizer. That explains the reason kung bakit. Malaman ng tao na bakit Pfizer ang binibigay kasi kailangan nila sa trabaho.

SEC. ROQUE: At nagpapasalamat po `yong kalahating milyong mga seafarers natin dahil kung hindi nga sila bibigyan ng ganitong brand po, hindi na sila makakasakay pa muli ng barko.

At bukod pa po dito sa ating seafarers --- *[next slide]* --- ay ito po `yong sa Manila pa rin na seafarers `no na ginawa. Mayroon din po tayong vaccination na ginawa po sa Philippine Stock Exchange `no.

Lahat po ito symbolic. We have messages attached to them. Itong message po natin sa pag-symbolic vaccination sa PSE is importante ang pribadong sektor `no, at alam natin na ang pagbabakuna nga po ay para makabalik po tayong muli sa normal at mabuksan muli ang ating ekonomiya.

Pagkatapos po sa PSE --- *[next slide]* --- nagkaroon po tayo ng mga iba pang mga --- sa Philippine Stock Exchange pa rin po ito `no.

[Next slide.]

Ito po 'yong ano naman po natin, 'yong vaccination sa DBM, sa PS-PhilGEPS, at saka 'yong GPPB employees 'no --- *[next slide]* --- 21 June po ginawa ito 'no. Tapos sa NBI po, nagpabakuna na rin po tayo sa NBI at ginawa po ito sa NBI gymnasium.

[Next slide.]

Sa DOTr po, sa MRT, dahil importante po, napakadaming pasaherong sumasakay po ng MRT ay nagsimula rin po tayo ng pagbabakuna sa mga empleyado ng MRT.

[Next slide.]

Sa DepEd po, bagama't wala pa pong face-to-face na klase eh importante po na gumawa tayo ng parang proteksyon kung tayo po ay magfe-face-to-face na. At ang sabi nga po natin eh parang cocoon po 'yan 'no, cocoon. Kung hindi pa nababakunahan 'yong mga estudyante, lahat nung nakapaligid sa estudyante eh ninanais na po nating mabakunahan kaya importante po 'yong vaccination na nangyari sa Department of Education.

PRESIDENT DUTERTE: Harry, can I butt in?

SEC. ROQUE: Opo.

PRESIDENT DUTERTE: With your permission.

SEC. ROQUE: Opo.

PRESIDENT DUTERTE: Now, itong sa Department of Education, they are leaning on just go back to face-to-face 'yong eskwela. We go --- they want normalcy in the running of the education of the young.

Sang-ayon ako, wala akong problema. Whatever is convenient o comfortable para sa mga bata, nandoon ako. Kaya lang there is a monkey wrench in that government machinery. Humihinto kasi may... Ang monkey wrench niyan is the COVID-19 D. Ngayon lang 'yan lumabas at lumaganap na doon sa Great Britain pati India. At hindi malayo baka dadating dito sa atin.

Eh ganito ang travel ng --- that is how the democratic --- the... Well, democratic countries are just open, pero itong mga iba controlled. Iyong tayo, we are forced to institute stricter measures kasi nga kung ang mga bata nandiyan, baka mahawa at saka dadating itong D. Sinabi mas aggressive and more fatal than COVID-19, 'yong mother ano niya.

Eh ako naman, naghinggi ng patawad sa inyong lahat sa mga nanay, tatay kasi ma-delayed ang edukasyon ng mga bata. Patawarin lang po ninyo ako kasi hindi ko talaga kayang magbigay ng pahintulot na puwede na silang normal sa eskwelahan kasi kung magkadisgrasyahan, buhay ito. Ang ano nito, ang ano is delayed lang ang edukasyon ng bata pero it will normalize one of these days. But I cannot gamble, I said, with the life of our children. Mahirap 'yan kasi ako ang mananagot sa lahat.

Lahat-lahat ng problema sa Pilipinas dito 'yan sa'tin --- the buck stops here. Hindi na ako makaturo ng ibang tao na, "ah siya, siya 'yon kasi..." Hindi, ako 'yan eh. Kaya sabi ko kay Secretary Briones, nanghinggi rin ako ng paumanhin na I cannot allow 'yong face-to-face classes, not until I get a clear picture of how this COVID-19 works on the health of other people.

Tingnan na --- tingnan natin 'yong what's... Let us see what develops in the other countries na mayroon na talagang --- mayroon ng epidemic with another ano. Hindi pa naman pandemic 'yan eh. Itong 19, how it will roll out sa buhay ng isang tao. So 'yon lang. Go ahead.

SEC. ROQUE: Opo. Pero ito naman po ay dependent, of course, on your decision po pero dahil frontliners din po ang mga teachers at kung magkakaroon nga po later on ay at least protektado 'yong mga nakapaligid sa mga estudyante.

Nag-vaccine na rin po tayo sa DOST-PAGASA dahil gaya po ng ibang mga frontliners, come rain or shine sila ay nagtatrabaho.

[And next slide.]

Sa National Printing Office po, sa Quezon City po ginawa. *[Next slide.]* Sa TESDA po `no dahil hanggang ngayon po mayroon din tayong mga TESDA trainings na pinapatuloy dahil habang nawawalan po ng hanapbuhay ilang mga ating mga kababayan, eh ang TESDA po nagbibigay ng skills training para makapag-pursue sila ng alternative livelihoods.

[Next slide.]

So `yon lang po at we will update you po kung ano pa `yong mga bagong mga symbolic vaccinations na gagawin natin. Pero lahat po `yan ini-schedule with a message `no na lahat po talaga nung mga naghahanapbuhay ay kinakailangang bigyan ng proteksyon dahil sa bakuna, pupuwedeng mas mabuksan pa ang mas malaking bahagi ng ating ekonomiya.

So kanina po sa press briefing ay inanunsyo ko rin po `yong --- pinaalam ko naman po sa inyo `no --- `yong sa position ninyo tungkol doon sa BARMM transition. At ngayon lang po kasi nagte-text kanina si --- pareho po nating kaibigan na si [Carol Arguelles?] at sinabi ko nga po na may pros and cons `yong extending the transition but you have decided to be neutral and leave it to Congress `no to make the decision kung i-extend po `yon.

So `yon lang naman po `yong mga pinaka-urgent at pinarating ko rin po sa ating mga kababayan iyong inanunsyo niyo rin po last Thursday na after the meeting po with BARMM, eh gusto niyo sanang pumunta doon sa labi ni dating Presidente Aquino but you were told na `yong urn po ay wala na sa Himlayang Pilipino at nadala na sa private residence ng mga Aquino kaya hindi na po kayo nakatuloy. Iyon lang po.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you. Salamat, Harry. Now, I would like to --- because I think that most of the viewers now, almost itong problema dito is just one-third, the two-thirds is the rest of the Philippines, they are

interested to know how soon can they get the vaccine in sufficient number so that they will be vaccinated.

Naghihintay sila kasi binibilang kulang eh one hun --- one thousand lang and they are complaining that there are still people lining up wanting to get the vaccine for their protection. Malaman natin 'yan sa supply natin na nakuha, and the only person who can answer your question at this time would be Secretary Galvez. Secretary, paano bang...? Sagutin mo 'yong mga local governments.

SEC. GALVEZ: Sir, sa ngayon sir, paangat na po 'yong ating mga supplies. This coming July we are expecting to ano, to receive more or less 11 million to 13 million po, Mr. President. And then ang pinaka main bulk ng ano ng ating supply will be coming po sa August po, Mr. President, kasi diyan na po bubuhos po 'yong ating mga ano, 'yong mga orders na 40 million from ano, from Pfizer and also Moderna.

Sa ngayon po, kahapon nga po nagsimula na po 'yong iyong Moderna na mag-supply sa atin ng more or less 250,[000] and then nagdagdag sila ng another 100,000. And then ang ano po nila, ang kanilang promiso po sa atin is pag-angat po ng ano, ng ano, more or less before the end of the third quarter ay bubuhos na po 'yong mga volumes po natin.

Sa ngayon po nilalakad po namin ni Usec. Mark Joven na magkaroon po ng mga early deliveries and also supplemented deliveries iyong ating Sinovac at 'yong ano po, 'yong Pfizer. And we are very happy na 'yong Pfizer po nagbigay ng kahit na 500,000. So 'yon po ang ating ano po, mahal na Presidente.

By August po puwede na po tayong magkaroon ng tinatawag nating --- i-open na po natin 'yong gates for the general public, August or September po, sir, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you. May isa pa akong tanungin. Kanina naalaala ko but I would --- I would talk about it next time. It still concerns about vaccines and people. Ang --- 'yon nga ang hinihintay nila.

Ah ito, what would be the number of vaccines in your hands na masabi mo na there is a comfortable number, so that you'd be able to satisfy the vaccines in the provinces and cities outside of Metro Manila?

SEC. GALVEZ: Sir, sa ngayon po sir, ang ating sa inventory ang nagamit na po natin is more or less 10 million, ang nasa inventory po natin 6 million. Naka-deploy po `yon for second dose, karamihan po doon more or less mga 3 million po ang nasa --- laan for second dose.

So nakikita natin na maliit lang po `yong nakalaan sa first dose, more or less mga 2 million lang po. Magiging parang komportable po tayo talaga, Mr. President, ay kung magkaroon po tayo talaga ng 10 million na nasa tinatawag nating ating inventory. [*President Duterte: Inventory.*] Opo, `yon po ang pinipilit po namin ngayon.

Noong first ano po, first quarter, second quarter ang pinaka-inventory lamang po natin 3 million. Umangat po tayo ng 6 million po, Mr. President, kaya makikita po natin ngayon tumaas ang ano, ang daily output po natin. Tumataas na po tayo, 240,000 na po ang daily output po natin ngayon.

So comfortable po kami, Mr. President, pagka umabot po ng 10 million po `yon, mabibigyan na po natin lahat `yong mga probinsiya ng at least magkaroon na po sila ng more or less mga 50 --- 50,000 kada province po. Pagka po tayo napagbigyan ng ganoon, at least mayroon po silang time na ubusin po nila `yon at magbibigay naman po ulit tayo. Iyon po ang nakikita ko, Mr. President, 10 million po dapat `yong nasa hawak ko po na inventory para po naka-reserve `yong 5 million for the second dose at saka another 5 million for first dose.

PRESIDENT DUTERTE: Well, I'd like to address myself to the local government officials. Kung magdating na --- if the supplies that we are getting from the outside would more or less go up in numbers to make a --- an inventory that would be comfortable to distribute to the local governments, just make sure that you have the --- `yong cold storage.

Kasi itong bakuna needs malamig, and you must have it, otherwise if you have some about 10,000 or 20,000, and you do not have the proper equipment to take care of the integrity of the vaccine, baka masasayang lang. Hindi mo magamit kasi mag-expire.

So the best way is to prepare your cold storage now whatever be the shape basta malamig lang, kailangan gumagawa ng ice, siguro `yan medyo... Alam ko because once upon a time may ice plant kami sa Davao, sa Dumoy, Toril. Makikita mo `yan sa highway noon. Siguro ganoon kalamig. But there is a storage --- aside from the ice there, there is a storage for meat and other, well --- well, other products that would need refrigeration to maintain the temperature.

So lahat nakikinig ngayon, mga mayors, just --- just... Kung wala, magbili na kayo ng dalawa o tatlong freezer. Not the refrigerator, freezer para sigurado talaga na pagdating ilagay mo na doon kung hindi mo magamit kaagad. But the ideal thing to do to us, kami dito is pagdating diyan you immediately assemble the people there and start barangay por barangay, turok nang turok na lang.

Kasi sa barang --- dito sa local government it is to --- to your advantage if you go first for the discipline and that is the --- well, keeping it --- to preserve its efficacy and announcing to the people na magpabakuna, mag-linya na kaagad. Whatever your mechanisms there, o mag-first come, first served o ano. We do not care, as soon --- but as soon as you have the medicine, the earlier na maturok mo, the better for all. Maturok mo ng isa o dalawang araw, `di mas maganda. We would be happy if you'd do that.

Mayroon ako ditong dinagdag, running for vice president, ako. Ah sabihin ko it's not at all a bad idea and if there is a space for me there, siguro. Pero kung wala akong space, everybody is crowding up wanting to be one, vice president, sila na lang muna kasi tapos na ako eh.

But there are things I'd like to continue and that would be dependent on also of the president that I will support. Kasi kung mag-vice president ako then kala --- kalaban ko kontra partido kagaya ni Pacquiao, salita nang salita na

three times daw tayo mas corrupt. So I am challenging him, ituro mo ang opisina na corrupt at ako na ang bahala. Within one week may gawain ako.

Maglista ka, Pacquiao, at sinasabi mong two times kaming corrupt, ilista mo 'yong mga tao at opisina --- at dapat nilista mo na 'yon at ibigay mo sa akin. 'Di ba ang sabi ko noon, if you come to know that there is a corruption, let me know. Give me the office and the... Ganoon ang dapat ginawa mo. Wala ka naman sinabi noong all these years, puro ka praises nang praises sa akin tapos ngayon sabihin mo corrupt.

Saang corruption? Anong opisina? Kasi pagkaalam ko wala. DPWH noon was really --- had the notoriety of... Pero wala akong nakita ngayon na may corrupt. Mayroon marami na pero napaalis na. Naunahan na kita.

Every administration will have its share of the problem of corruption. Do not ever think that if you will win as president, na wala ng corruption dito sa Pilipinas. And for your dream of giving everybody houses in six years' time, just what --- just like what Senator Enrile said, "Good luck na lang. You must be dreaming."

Eh ako na ako na ano natapos ko 'yong Yolanda housing malapit na akong mag-ano, but remember that there were only two houses when I first arrived there. Ayan sila Escalada, sinabi ko magkaibigan tayo, si Evasco, pero ganoon kabagal, pagka wala kayong ginawa...

And ito ang conversion --- I'm sure Secretary Cimatú would do something about this --- iyang conversion, 'yong mga forestal gawaing agricultural then from agricultural i-convert mo into residential. It takes time tapos sa opisina ni Roy Cimatú. If you can also tell the people there to stop this --- 'yong exercise nila sa duties of converting lands into a residential, 'wag nila masyadong patagalin. I think I said you can finish it in three days. Hindi naman kailangan --- conversion lang 'yan eh. But hindi pasa --- hindi mo pa panahon, Roy, pero noon it would take two years and they are milking.

Ngayon, kung itong si Pacquiao may nalaman siya na ano, sabihin niya anong opisina at sino 'yon. You have the --- you have the, you know, the privilege of not being arrested when you say it inside the halls of Congress

because as a matter of privilege, you cannot be questioned anywhere. So maghintay ako sa listahan mo at ang mga tao. Matagal na man tayong magkaibigan, hanggang kahapon o noong isang araw ka lang nagsabi na corruption.

It's easy really to say. Hindi ko sinasabing walang corruption. Kaya nga ituro mo kasi 'yon lahat na itinuro ng iba pinaalis ko na sa gobyerno. Kita mo 'yong "Pastillas", 43 Immigration people were dismissed; 73 sa Customs; sa BIR wala masyado. Pero naghihintay ako. BIR mayroon rin, Secretary Dulay is having his hands full investigating these people. Ituro mo lang, total it is your duty as a congressman, go to Congress and start to talk. I am challenging you, or else, talagang sabi nga nila totoong namumulitika ka lang.

With that... That goes for every Filipino. Maski saan kayo even in the provinces. If you think that mayroon diyan na permit tapos it is now in the hands of the mayor or in the 'yong nagtratrabaho sa business permit --- business bureau ang tawag niyan, kung nandiyan, sabihin mo lang kagaya ni Pacquiao. So sabayan na ninyo si Pacquiao to expose all of these. Ayan may kasa --- may kasang ano ka kasing --- you have a partner, I kinda forgot my Tagalog there. You have a partner in this crusade and join Pacquiao, sabayan ninyo, sabihin ninyo 'yong mga tao na corrupt at anong opisina and I will do something about it, immediately. Lahat na na-isumbong sa akin dito, either suspended na or nasa korte na, sa Ombudsman or sa Sandigan. And marami nang na-dismiss. Mag-abot ito ng libo by the end of this year. We're studying of filing the cases in... Ang Ombudsman is very efficient. I would like to thank the Ombudsman. Although as a matter of delicadeza, hindi ako --- hindi ko talaga nakausap 'yan si --- 'yong Ombudsman natin. I do not want to talk to the... I don't --- even the justices kung maaari ayaw kong makipagsa --- kwentuhan sa kanila. As a matter of --- as a matter of principle, 'yan ang tinitingnan ko.

So, Pacquiao, you have a --- you are a congressman o senator now, go to the --- take hold of the floor sa inyong proceeding and start to --- sabi mo 'yang 10th --- twice, thrice worse than the last presidency, iyong panahon ni Noynoy.

At still it would be better, huwag mo ng hintayin, kasi 'yong mga trabahante na 'yan sigurado ako panahon pa ni Aquino 'yan at panahon pa ni Gloria.

Kagaya ng sa Customs. Masakit sa akin kasi may 37 years in the service ganoon pero the temptation to go to graft is very strong. At mayroon diyan, hindi ko sabihin na wala, mayroon talaga lahat ng --- you would be a mentally dishonest person sabihin mo na walang corruption. Kaya sabi mo thrice, twice over, oh I challenge you, go to Congress and start talking. Iyan ho ang payo ko rin sa lahat ng Pilipino, kung may alam kayo, magsabi kayo and I will be transparent. I will investigate them and refer it to the other bodies who have the punitive --- punitive ibig sabihin `yan which is the Ombudsman and the Sandiganbayan.

Wala akong ano kilala diyan. Wala kayong lalan --- hindi ko nakausap 'yong mga justices sa Sandiganbayan nor any call for that matter. Sabi ko, as a matter of policy, hindi ako nag... Kaya siguro wala akong alam, baka ikaw may alam ka because you were talking just nonchalant about --- about the whole thing.

Kung hindi, namumulitika ka lang and I would say na... I will be --- if you fail to do that, I will campaign against you because you are not doing your duty. Do it because if not, I will just tell the people: "Do not vote for Pacquiao because he is a liar." At saka madali parang --- parang carabao na kung saan niyo na lang bibirahin, pupunta doon. I am not questioning your ability intellectually or what. But 'pag hindi mo nagawa 'yan, araw-arawin kita, I will expose you as a liar.

At 'yong buhay mo, kilala man kita noon pa. Then, we should start also because you are going for public office, presidency, everybody should know. But ito, I'll put you on notice na isasabi ko lahat at kakalabanin kita sa panahon ng eleksyon. 'Pag hindi, you'll just be another son of a b**** playing politics.

I still have some information, the secretary of --- the spokesman shall give you the details of what it is. Senator Harry Roque, kindly do the honor.

SEC. ROQUE: Maraming salamat, Mayor. Senator Bong Go, at ating mga kasama sa Gabinete. Ito po ang rekomendasyon ng inyong IATF para sa ating quarantine classifications para po a-uno ng Hulyo hanggang 31. Pero itong mga areas under MECQ po, ang classification nila ay hanggang July 15 lamang.

Ang mga nasa ilalim po ng modified ECQ ay sa Region II - Cagayan; sa CAR - ang probinsiya ng Apayao; sa Region III - ang probinsiya ng Bataan; sa Region IV-A - Lucena City; sa Region IV-B - Puerto Princesa City; sa Region V - Naga City; sa Region VIII - ang Iloilo City po at ang probinsiya ng Iloilo;

sa Region VII - Negros Oriental; sa Region IX - Zamboanga del Sur at Zamboanga del Norte; sa Region X po - Cagayan de Oro City; sa Region XI - ang Davao City, Davao Oriental, Davao Occidental, Davao de Oro, Davao del Sur, at Davao del Norte; at CARAGA --- sa CARAGA po - Butuan City, Dinagat Islands, Surigao del Sur.

Ang mga lugar na nasa ilalim po ng GCQ ay ang mga sumusunod: ang NCR kasama po ang probinsiya ng Rizal at Bulacan, ay mayroon pong kaunting restrictions hanggang 15 July 2021.

Sa Region IV-A po, ang Laguna at ang Cavite, with heightened restrictions po hanggang 15 July 2021. Sa CAR po - ang siyudad ng Baguio at ang probinsiya ng Ifugao; sa Region II po - ang City of Santiago, ang probinsiya ng Isabela, Nueva Vizcaya, at ang Quirino; sa Region IV-A po - ang probinsiya po ng Batangas at ang probinsiya ng Quezon; sa Region VI po - Guimaras, Aklan, Bacolod City, Negros Occidental, Antique, at Capiz; sa Region IX po - ang Zamboanga Sibugay at saka ang City of Zamboanga; sa Region X - ang Iligan City; sa Region XII - ang General Santos City, Sultan Kudarat, Sarangani, Cotabato, South Cotabato; sa CARAGA po - Agusan del Norte, Surigao del Norte, Agusan del Sur; at sa BARMM po ay ang Cotabato City.

Ang mga lugar po na hindi nabanggit sa aking binasa ay mapapasailalim po sa MGCQ. Para lang po sa kaalaman ng lahat... *[Next slide.]*

Iyong ating tinatawag pong with some restrictions dito po sa NCR, sa Rizal at sa Bulacan, ang restrictions pong 'yan ay makikita niyo 'no dito sa table na ito, sa pagdating po sa indoor sports courts and venues, sa NCR, Rizal, and Bulacan po, pupuwede pong mag-operate ang gyms at fitness centers at 40 percent capacity. At 'yong other indoor sports courts, allowed at 50 percent capacity 'no.

Dito naman po sa mga tourist attractions, indoor tourist attractions, allowed po sa NCR, Rizal, and Bulacan, allowed at 40 percent for historical sites and museums defined by the DOT with strict adherence to minimum public health standard.

[Sa next slide.]

Sa venues for meeting and conferences po dito sa NCR, Rizal, and Bulacan ay 40 percent po ang capacity, 10 percent if used for social events.

Sa personal care services, 'yong mga salons, parlors, beauty clinics, 50 percent allowed po only for services not requiring mask removal, may add 10 percent po 'pag Safety Seal. Ito po ay para sa NCR, Rizal, and Bulacan.

So iyon lang naman po 'yong mga kaunting kakaiba at 'yong indoor dining, allowed at 40 percent capacity po sa NCR, Rizal, and Bulacan.

Ipa-published po namin in full itong table na ito para ma-guide po ang publiko. Iyon lang po, Mayor.

PRESIDENT DUTERTE: Secretary Roque, 'yong indoor kailangan ng face mask pati --- face shield, pati face mask?

SEC. ROQUE: Opo kailangan po 'yong 'pag indoors po.

PRESIDENT DUTERTE: Sabi mo 'yong mga establishments na dealing with... Paano ako magpagupit bukas?

SEC. ROQUE: Puwede naman po kayo magpagupit kasi allowed po 'yan dito sa NCR, Rizal, and Bulacan, 50 percent allowed for services pero kinakailangan po may suot na mask at saka face shield 'yong inyong barbero at kayo po kung pupuwede naka-mask din po.

PRESIDENT DUTERTE: That goes for the entire Philippines?

SEC. ROQUE: Ah dito... Well, so far po sa GCQ, allowed po siya at 40 percent pero 'yong mga ibang lugar po, for instance 'yong GCQ with heightened restriction sa Laguna at Cavite, hindi pa po siya... Ay hindi, dito po sa GCQ with heightened restrictions, 30 percent po ang kanyang capacity; sa Metro Manila po, 50 percent. Pero lahat po 'yan dapat naka-face shield, naka-mask, 'yong mga nag-a-attend po sa mga customers at siyempre 'yong mga customers din po hangga't maaari eh nakasuot din po.

PRESIDENT DUTERTE: Iyong facial hindi puwede kasi tanggalin talaga 'yong ano...

SEC. ROQUE: *[laughs]* Opo. Opo, hindi pa po puwede.

PRESIDENT DUTERTE: Ang facial wala na? Eh mahirap 'yon. Alam mo itong mga --- itong babae may mga sakit ito. Iyong iba nakikita ko araw-araw nasa nagpapa-ano ng kiskis ng mukha nila para...

Well, mga kaibigan ko, medyo tapos na tayo, wala na akong maidagdag. Kung mayroon man, nakalimutan ko 'yong iba. And besides, I said, we are only allowed mga ilang oras so sumobra tayo ng isang oras.

We are --- we have been requested to limit our discussion to one hour. Kaya 'yong per --- 'yong preparado na lang ang puwedeng magsalita kagaya ng iba, except for me and the rest.

Maraming salamat po Pilipinas sa pagtangkilik --- pagtangkilik ninyo sa programang ito. Tama daw 'yong sinabi ko --- Secretary of Health, gumaganoon siya, eh 'di tama 'yong tagapag[tangkilik].

Thank you and good night. *[applause]*

--- END ---